



Hong Kong Sitwasyon ng Kahirapan

Ulat sa mga Etnikong Minoridad 2014

Ehekutibong Buod

**Pamahalaan ng
Hong Kong
Espesyal na Administratibong Rehiyon**

Economic Analysis Division
Economic Analysis and
Business Facilitation Unit | Census and Statistics
Financial Secretary's Office | Department
Disyembre 2015

Kung mayroong anumang di-pagkakatuha o kalabuan sa pagitan ng bersiyong Ingles at ang bersiyong Tagalog ng Ehekutibong Buod na ito, ang bersiyong Ingles ang mamayani.
If there is any inconsistency or ambiguity between the English version and the Tagalog version of this Executive Summary, the English version shall prevail.

Ehekutibong Buod

Panimula

- ES.1 Ang Hong Kong, ang Lungsod ng Daigdig ng Asya, ay sama-samang pinagsasanib ang maraming iba't ibang mga kultura, at inaakit ang mga tao na may ibang etnikong mga pinagmulan na magtrabaho o manirahan sa Hong Kong. Ang ilan sa kanila, dahil sa mga balakid sa wika at mga pagkakaiba sa kultura, na sinamahan ng mas mababang edukasyon at mga kasanayan, ay humaharap sa kapansin-pansing mga hamon sa pakikiangkop sa o pakikiisa sa pamayanan, at sila ay minamalas na mas kulang sa dehado na kailangan ng tulong. Ang Pamahalaan at ang Komisyon sa Kahirapan (CoP) ay naglalakip ng malaking kahalagahan sa kanilang ikabubuti. Ang Ulat na ito ay naglalayong suriin ang mga katangian ng mga etnikong minoridad (EM) at dumating sa pag-unawa ng kanilang sitwasyon ng kahirapan at mga anyo ng kahirapan, na may tanaw sa pagkilala sa mas dehadong (mga) etnikong grupo at (mga) uri ng sambahayan na may pinakamataas na panganib sa kahirapan. Ang Ulat ay nagtatapos sa mga implikasyon sa polisiya batay sa mga empirikal na pag-aaral.
- ES.2 Ayon sa Sensus ng Populasyon ng 2011 ng Kagawaran ng Sensus at Estadistika (C&SD), ang mga tao na may Tsinong etnisidad ay bumubuo sa mayorya ng kabuuang populasyon sa HongKongⁱ (93.5%), habang ang mga EMⁱⁱ ay bumubuo lamang ng 6.5% o 446 500 katao. Sa kabuuan, ang mga EM ay maaaring urin sa sumusunod na tatlong pangunahing kategorya:
- (i) **mga Taga-Timog Silangang Asya (mga 280 000 katao):** ang mga ito ay binubuo ng nakararaming mga Indonesian, Filipino at Thai, na karamihan ay mga dayuhang katulong sa bahay o foreign domestic helpers (FDH);
 - (ii) **mga Taga-Timog Asya (SA) (mga 60 000 katao):** ang mga ito ay binubuo ng nakararaming mga Indian, Pakistani at Nepalese, habang minoridad ang mga taga-Sri Lanka, Bangladesh, atbp.ⁱⁱⁱ; at
 - (iii) **mga Taga-Silangang Asya (mga 20 000 katao) at ibang mga dayuhan (mga 60 000 katao)^{iv}:** ang mga ito ay galing nang nakararami sa mga maunlad at mataas ang kita na ekonomiya, tulad ng mga Puti, Hapones, at Koreano.

-
- i Malibang tinukoy sa ibang pagkakataon, ang buong populasyon sa Hong Kong sa pagsusuri ng Ulat na ito ay tumutukoy sa pangkalahatang populasyon na nakabase sa lupa sa mga sambahayan sa loob ng bansa.
 - ii Sa mga sarbey ng estadistika, ang etnisidad ng isang tagasagot ay tinitiyak sa pamamagitan ng sariling pagtukoy. Ang pag-uuri ng etnisidad ay tinitiyak na may pagtukoy sa mga konsepto tulad ng pinagmulang kultural, nasyonalidad, kulay at wika. Yamang ang Hong Kong ay isang pamayanan na napakarami ang Tsino, ang mga “EM” ay tumutukoy sa di-Tsino.
 - iii Ayon sa pag-uuri ng mga teritoryo na inangkop ng Komisyon sa Estadistika ng Nagkakaisang mga Bansa, ang SA na mga bansa ay kinabibilangan ng India, Pakistan, Nepal, Bangladesh, Sri Lanka, Afghanistan, Bhutan, Iran at Maldives. Dahil sa kakulangan ng pagkolekta ng datos, ang Ulat na ito ay nagsama lamang ng mga detalye sa unang limang etnikong mga grupo.
 - iv Bilang karagdagan, kasama sa mga EM ang halos 30 000 katao ng Halong grupo, na ipinaglihi ang karamihan at ipinanganak sa mga pamilya na may halu-halong etnisidad.

- ES.3 Pagkatapos hindi isama ang mga FDH, ang populasyon ng EM sa Hong Kong ay tumatayo sa 192 400, na bumubuo ng 2.9% ng kabuuang populasyon (hindi isinama ang mga FDH). Ang bilang ng mga Indonesian at Filipino, na dating bumubuo ng mayorya ng mga EM, ay bumaba sa 18 400 katao na lamang. Sa halip, ang mga SA ang naging pinakamalaking etnikong grupo, na may 61 400 katao o higit sa 30% (31.9%) ng populasyong EM, na sinundan ng mga Puti (53 400 katao o 27.8%).
- ES.4 Napakabilis lumaki ang populasyon ng EM, na may karaniwang taunang antas ng paglago na 2.7% sa dekada sa pagitan ng 2001 at 2011, lalong mas mabilis kaysa 0.5% na paglaki para sa kabuuang populasyon. Kapansin-pansin ay ang antas ng paglago ng mga Indonesian FDH. Kapag hindi isinama ang mga FDH, ang taunang antas ng paglago ng populasyon ng EM ay nanatiling kapansin-pansin, na pumapatak sa 1.8% sa pagitan ng 2001 at 2011, na pangunahing tinutulak ng paglago ng mga grupo ng SA kung saan ang karaniwang antas ay umabot sa 4.1%.
- ES.5 Ang *Hong Kong Ulat sa Sitwasyon ng Kahirapan 2014*, na nagpapaliwanag at nagsusuri sa pangkalahatang sitwasyon ng kahirapan ng Hong Kong noong 2014 batay sa balangkas ng linya ng kahirapan na inendorso ng CoP, ay inilabas noong Oktubre 2015. Karamihan sa mga estadistika sa ulat na iyan ay kinuha mula sa Pangkalahatang Sarbey ng Sambahayan, na isang regular na sarbey ng C&SD. Gayunman, dahil ang sarbey ay hindi nagkolekta ng datos ng sambahayan may kinalaman sa mga EM sa patuluyang batayan, ang analisi ng kanilang sitwasyon ng kahirapan ay hindi saklaw sa ulat.
- ES.6 Dahil dito, ang Ulat na ito ay sumasangguni sa sari-saring batis ng datos upang magbigay ng mas komprehensibong larawan at paghahambing sa sitwasyon ng kahirapan ng mga EM sa Hong Kong. Binubuo ang analisis ng dalawang bahagi:
- (i) **Kabuuang Tanaw sa mga EM sa Hong Kong:** batay sa 2011 Sensus ng Populasyon, ang mga katangiang demograpiko at sosyo-ekonomiko ng pangunahing mga grupo ng EM sa Hong Kong ay detalyadong inanalisa. Karagdagan pa, ang estadistika ng kahirapan ng sari-saring mga etnikong grupo ay payak na tinantiya na may pag-aaral sa kanilang mga anyo ng kahirapan upang kilalanin at maunawaan ang higit na dehadong (mga) grupong EM; at
 - (ii) **Sitwasyon ng kahirapan sa mga sambahayan ng SA na may mga bata:** batay sa Sarbey sa mga Sambahayan na may mga Batang Nag-aaral na may mga Etnisidad na taga-Timog Asya (dedikadong sarbey) na inilunsad ng C&SD noong 2014, ang mga analisis at pagpapanahon sa sitwasyon ng mga sambahayang SA na may mga bata ay itinuon, at tinapos na may pagrerepaso sa pagiging epektibo ng polisiya.

Kabuuang Tanaw sa mga Etnikong Minoridad sa Hong Kong

- ES.7 Batay sa Sensus ng Populasyon, may 192 400 di-FDH^v na mga EM na nananahan sa 85 300 sambahayang EM^{vi} sa Hong Kong noong 2011. Kung ihahambing sa kabuuang populasyon, nagpakita ang mga EM ng mga katangi-tanging demograpiko at sosyo-ekonomikong katangian, na kapansin-pansing iba-iba sa lahat ng mga etnikong grupo.
- ES.8 Batay sa demograpiko at panlipunang katangian, ang mga EM ay medyo may batang istruktura ng populasyon na ang tumatandang populasyon mamayani pa lamang, at pag-aasawa at maagang pag-aasawa ay kapwa karaniwan. Marami sa kanila ay nanirahan sa Hong Kong at ang ilan ay ipinanganak at lumaki dito. Ang mga katangiang ito ay mas kapansin-pansin sa mga SA. Sa usapin ng edukasyon, mababang edukasyon ang nakita sa ilang mga SA at taga-Timog Silangang Asya, tulad ng mga Pakistani, Nepalese at Thai, na maliwanag na kabaligtaran sa mga Puti, Hapones/Koreano at Indian. Mapapansin na ang mas hindi magandang sitwasyon ay napansin sa mga kabataang Pakistani at Nepalese sa usapin ng pagkuha ng mas mataas na edukasyon.
- ES.9 Isinisiwalat din ng analisis na ang mga sukat ng sambahayan^{vii} ay hindi birong iba-iba sa mga etnikong grupo. Ang mga sambahayang SA ay may karaniwang sukat ng sambahayan na 3.3 katao, mas mataas sa mga average ng lahat ng sambahayang EM at pangkalahatang sambahayan (2.7 katao at 2.8 katao ayon sa pagkakasunod-sunod). Sa mga sambahayang SA, ang mga sambahayang Pakistani at Nepalese ay mas malaki. Ang pangunahing dahilan ay ang mas malaking bilang ng mga bata sa mga sambahayang SA, hal. higit sa isang-katlo ng mga sambahayang Pakistani ay may tatlong mga anak o higit pa.
- ES.10 Ang proporsiyon ng mga sambahayang EM na tumitira sa pribadong permanenteng pabahay (pribadong pabahay) ay 77.9%, habang iniulat ng ilang mga etnikong grupo ang mas mataas na bahagi ng pagtira sa pampublikong pabahay na inuupahan (PRH) (hal. sambahayang Pakistani at Thai). Karagdagan pa, karamihan sa mga sambahayan sa pribadong pabahay ay mga umuupa. Higit pa rito, ang mga tumatanggap ng Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (CSSA) ay pinakakaraniwang matatagpuan sa ilang mga SA at taga-Timog Silangang Asya (hal. mga Indonesian at Pakistani).
- ES.11 Mga katangiang pang-ekonomiko ay may malapit na kaugnayan sa sitwasyon ng kahirapan. Ang mga katangiang ito sa mga etnikong grupo ay sinuri at inihambing upang padaliin ang pag-unawa sa mga pagkakaiba ng kanilang sitwasyon ng kahirapan:

-
- v Malibang tinukoy sa ibang pagkakataon, ang mga FDH ay hindi kasama mula sa estadistika sa Ulat na ito.
- vi Mga sambahayang domestiko na may hindi bababa sa isang di-FDH na miyembro ng EM. Hindi lahat ng mga miyembro ay kailangang mga taong EM.
- vii Ang mga sambahayan ng iisang etnisidad ay mas epektibong nagpapahiwatig at nagpapatingkad sa mga katangian ng indibidwal na mga etnikong grupo. Upang padaliin ang mas payak at nakatuon na mga analisi, ang estadistika para sa mga sambahayan sa Ulat na ito ay batay sa mga sambahayan ng iisang etnisidad. Para sa detalyadong analisis ng etnikong istruktura at pag-uuri ng mga sambahayan, mangyaring sumangguni sa **Apendise 1**.

- (i) **Iba't ibang antas ng pakikilahok sa lakas paggawa:** maliban sa mga Pakistani, ang mga antas ng pakikilahok sa lakas paggawa (LFPR) ng mga lalaking EM ay sa pangkalahatan mas mataas kaysa sa pangkalahatang average sa lalaki, samantalang karamihan sa mga babaeng Pakistani ay hindi pumapasok sa pamilihan ng paggawa. Ang mga Nepalese, walang kinalaman sa kasarian, ay may mas matas na LFPR, at maraming mga kabataang Nepalese ay maagang umaalis sa paaralan upang sumali sa lakas paggawa.
- (ii) **Pagkakahati-hati ng hanapbuhay na ipinakikita ng nakamit na edukasyon:** ang mga may mataas ang pinag-aralan na Puti, Hapones/Koreano, at Indian ay sa malaking bahagi mga manggagawang may mas mataas na kasanayan^{viii}. Sa kabilang banda, ang ibang mga SA at taga-Timog Silangang Asya ay pangunahing may mga trabaho na may mas mababang kasanayan. Halimbawa, medyo may mataas na proporsiyon (na umaabot mula 35% hanggang 40%) ng mga Pakistani, Nepalese, Thai at Indonesian ay may mga pinakamababang hanapbuhay.
- (iii) **Pagkakaiba-iba sa mga kita sa hanapbuhay at kita sa sambahayan:** Lumabas na ang mga Puti, Hapones/Koreano, at Indian ay mas mahusay sa pamilihan ng paggawa na may maliwanag na mas mataas na kita, samantalang mahigit sa 60% ng Pakistani, Nepalese, Thai at Indonesian na may hanapbuhay ay kumita mas mababa kaysa sa pangkalahatang median, dahil sa kanilang mas mababang nakamit na edukasyon at mas mataas na mga proporsiyon ng mga manggagawang may mababang kasanayan. Hinggil sa mga kita sa sambahayan, ang mga kita ng sambahayang Pakistani, Thai at Indonesian ay medyo mababa. Maliban sa medyo mahinang mga kita ng mga may hanapbuhay na tao, ang dahilan din ay ang mas mababang mga proporsiyon ng mga sambahayan na aktibo sa ekonomiya sa mga etnikong grupo ito.

ES.12 Inilalapat ang 2011 mga linya ng kahirapan sa 2011 datos ng Sensus ng Populasyon, ang antas ng kahirapan ng EM pagkatapos ng interbensiyon ay tinatayang 13.9% noong 2011, mas mababang kaysa pangkalahatang antas ng kahirapan pagkatapos ng inuulit na interbensiyon sa pera sa loob ng parehong yugto sa 15.2%. Sa mga etnikong grupo, ang antas ng kahirapan ng mga SA ay medyo mas mataas, sa 22.6%, mas mataas kaysa yaong pangkalahatang mga EM sa lahat ng mga grupong sosyo-ekonomiko. Ang kanilang sitwasyon ng kahirapan ay humihingi ng pansin.

ES.13 Pinagnilay-nilayan ang mga pagkakaiba ng mga katangian na binanggit sa itaas, ang sitwasyon ng kahirapan ng iba't ibang mga grupong SA ay iba-iba. Ang mga Indian ay karaniwang mas may pinag-aralan at may mas mataas na kasayanan, at kaya nakikinabang sa mas mataas na kita, na may antas ng kahirapan na 9.7%. Sa kabila ng walang kinang na nakamit na edukasyon at mga antas ng kasanayan, ang mga Nepalese ay medyo may mataas na pakikilahok ng lakas paggawa at kanilang mga nagtatrabahong sambahayan ay may average na dalawang nagtatrabahong mga miyembro. Kaya, nakikinabang sila sa mas mataas na mga kita ng sambahayan at may antas ng kahirapan na 13.6%. Sa kabilang banda, ang mga Pakistani ay may mga katangian sa hanapbuhay na katulad ng sa mga

viii Kasama sa mga manggagawang may mas mataas na kasanayan ay mga manager at administrator, mga propesyonal at kasamang mga propesyonal.

Nepalese. Gayunman, ang kanilang pakikilahok sa lakas paggawa (ang mga babae sa bagay na ito) ay medyo mababa. May mga malalaking pamilya sila at maraming mga anak, na may limitadong bilang ng mga miyembro na bumabalikat sa pasan ng pamilya. Ang kanilang sitwasyon ng kahirapan ay pinakamalala sa mga etnikong grupo, na may antas ng kahirapan na umaabot ng 50.2%.

- ES.14 Ipinapakita rin ng isang imbestigasyon sa mga anyo ng kahirapan sa mga EM na ang mga antas ng kahirapan ay mas mababa para sa mga sambahayan na may mas mataas na mga proporsiyon ng mga nagtatrabahong miyembro at mas maraming mga taong may hanapbuhay sa mas mataas na kasanayan na mga trabaho. Dagdag pa, ang panganib ng kahirapan ay pangkalahatang mas mataas kasya sa mga etnikong grupo na may mas mataas na mga antas ng pagkaumaasa. Kapansin-pansin na ang mga grupong EM ay makabuluhang iba-iba ayon sa sukat ng sambahayan, na isinisiwalat na ang mga grupong SA (lalo na ang mga Pakistani) na may mas malaking mga pamilya at mas mga umaasang anak ay mas nahihirapan na alisin ang kanilang mga sarili sa kahirapan kahit na mayroon silang nagtatrabahong mga miyembro. Kaya, ang mga sambahayan na may mga bata ay nakikitang tutunghay sa mas mataas na panganib ng kahirapan sa mga sambahayang SA at ang penomeno na sila ay nasa gitna ng nagtatrabahong maralita ay medyo karaniwan din. Sa pagtatapos, ang mga grupong SA ay mas dehadong mga grupong EM sa Hong Kong at ang kanilang mga sambahayan na may mga bata ay nakikitang tutunghay sa mas mataas na panganib ng kahirapan.

Sitwasyon ng Kahirapan sa mga Sambahayan na may mga Bata ng mga Taga-Timog Asya

- ES.15 Upang analisahin at isapanahon ang sitwasyon ng mga sambahayang SA na may mga bata na may mas mataas na panganib ng kahirapan, nagsagawa ang, C&SD ng dedikadong sarbey sa pagitan ng Mayo 2014 at Hunyo 2015.
- ES.16 Dapat tandaan na yamang ang balangkas ng sampling ay batay sa impormasyon ng estudyante na tinipon ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB), ang mga sambahayang SA na may mga batang dumadalo sa pampublikong o Direktang Subsidyo na Iskema na mga sekondarya at primaryang paaralan lamang ang saklaw sa dedikadong sarbey, at ilang mga sambahayang may mababang panganib ng kahirapan^{ix} ay hindi saklaw sa dedikadong sarbey. Sa harap ng mga limitasyong ito, ang analisis ng sitwasyon ng kahirapan tulad ipinapahiwatig ng dedikadong sarbey ay dapat hindi gawing pangkalahatan sa sitwasyon ng kahirapan ng lahat ng mga SA.
- ES.17 Noong 2014, may 5 000 sambahayang SA na may mga bata^x. Ang mga sambahayang Pakistani ay bumubuong pinakamalaking etnikong grupo (2 000 sambahayan o 39.1%), na sinundan ng mga sambahayan ng Nepalese (1 700 sambahayan o 33.1%) at Indian (1 100 sambahayan o 21.7%). Ang

ix Halimbawa, 1-katao na mga sambahayan, mga sambahayang walang mga batang nag-aaral o mga batang dumadalo sa primarya at sekondaryang mga paaralan, at mga sambahayang mas may kakayahang mabuhay sa ekonomiya na may mga batang dumadalo sa pribadong at internasyonal na mga paaralan o nag-aaral sa labas ng bansa ay hindi saklaw sa dedikadong sarbey.

x Ang target na mga sambahayan ng dedikadong sarbey ay hindi sumaklaw sa lahat ng mga sambahayang SA na may mga bata. Gayunman, ang target na mga sambahayan ay kabuuang tinukoy bilang “mga sambahayang SA na may mga bata” upang iharap ang mga pag-aaral ng sarbey at naaayong analisis sa mas pinapayak na paraan.

populasyon ng mga sambahayang SA na may mga bata ay 24 000. Ang mga Pakistani, Nepalese at Indian ay may bilang na 11 400, 7 000 at 5 000 katao ayon sa pagkakasunod-sunod, at ang kanilang katumbas na mga bahagi ay 47.2%, 29.2% and 20.9%.

- ES.18 Sa pamamagitan ng paglalagay ayon sa bilang ng sitwasyon ng kahirapan ng mga sambahayang SA na may mga bata ayon sa balangkas ng linya ng kahirapan na inangkop ng CoP, ang bilang ng mga mahihirap na sambahayang SA na may mga bata, sukat ng populasyon ng mga mahihirap at antas ng kahirapan bago interbensiyon ng polisiya ay 2 200, 11 600 at 48.1% ayon sa pagkakasunod-sunod noong 2014. Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera), ang katumbas na mga pigura ay makabuluhang bumaba sa 1 500, 7 400 at 30.8%.
- ES.19 Ang mga item ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera ng pamahalaan ay nag-alis ng 4 200 katao mula sa kahirapan, na binawasan ang antas ng kahirapan ng 17.3 bahagdang puntos. Samantala, ang average na agwat sa kahirapan ng mga mahihirap na sambahayang SA na may mga bata pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya ay \$4,000 bawat buwan, na kumakatawan sa malaking kabawasan ng \$5,200 mula sa pigura bago ang interbensiyon. Ang gayong mga kabawasan sa antas ng kahirapan ay kapwa higit kaysa tatlong beses ng pangkalahatang mga pigura (pangkalahatang mga kabawasan ay 5.3 bahagdang mga puntos at \$1,500 ayon sa pagkakasunod-sunod). Ipinapahiwatig nito ang pagiging epektibo ng mga polisiya ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera sa pag-ibsan sa mga sambahayang SA na may mga bata ng kanilang mga pasang pinansiyal.
- ES.20 Gayunman, ang 2014 antas ng kahirapan pagkatapos ng interbensiyon (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera) sa mga sambahayang SA na may mga bata (30.8%) ay kapansin-pansin pa ring mas mataas kaysa antas ng pangkalahatang mga sambahayan na may mga bata sa Hong Kong (16.2%). Kung ihahambing ang mga katangiang sosyo-ekonomiko ng kapwa mga grupo ng mahihirap na mga sambahayan ay idinidiin ang mas katangi-tanging mga katangian ng mga mahihirap na sambahayang SA na may mga bata:
- (i) **Mga sambahayan ay nakikitang mas malaki:** 58.1% ng mahihirap na sambahayang SA na may mga bata ay mga sambahayan na may 5 katao pataas, samantalang ang katumbas na pigura ng pangkalahatang mga mahihirap na sambahayan na may bata sa Hong Kong ay 15.4% lamang.
 - (ii) **Ang proporsiyon ng nagtatrabahong miyembro ay kitang-kita na mas mababa:** 13.8% ng mahihirap na populasyon sa mahihirap na mga sambahayang SA na may mga bata ay may hanapbuhay, samantalang ang katumbas na bahagi para sa pangkalahatang mga mahihirap na sambahayan na may mga bata sa Hong Kong ay 22.1%. Bagaman ang proporsiyon ng dating tumatangap ng CSSA ay medyo mataas (pangunahin sa mga mababa ang kita at walang hanapbuhay), sila sa pangkahalatan ay tumitindig sa sariling sikap. Ang kanilang mga pasang pinansiyal ay nananatiling salik na nagsasanhi ng kanilang mas mataas na panganib ng kahirapan.
 - (iii) **Mas malalang sitwasyon ng kawalan ng hanapbuhay:** ang antas ng kawalan ng hanapbuhay ng mga mahihirap na sambahayang SA na may mga bata (16.6%) ay kapansin-pansing mas

mataas kapag inihambing sa sitwasyon para sa mga sambahayan na may mga bata na nasa kahirapan sa Hong Kong (11.1%), sa bagay na ito ang Nepalese. Ang mga Pakistani ay may mataas din na antas ng kawalan ng hanapbuhay na sinamahan pa ng mas mababang LFPR.

- (iv) **Mahinang mga kita ng hanapbuhay:** Dahil sa mas mababang nakamit na edukasyon at antas ng kasanayan, ang buwanang kita ng mga taong may hanapbuhay sa mga mahihirap na sambahayang SA na may mga bata ay hindi kapuri-puring bumuti dahil sa kanilang medyo mababang proporsiyon ng mga nagtatrabaho ng bahagyang oras/ mas mahabang mga oras ng pagtatrabaho.

ES.21 Ipinapahiwatig ng isang analisis ng mga pigura ng kahirapan ng mga sambahayang SA na may mga bata ayon sa piling mga katangiang demograpiko at sosyo-ekonomiko bago at pagkatapos ng interbensiyon sa polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera) noong 2014 ang mga pangunahing obserbasyon tulad ng sumusunod:

- (i) Bumubuo ang mga Pakistani ng 68.8% (o 5 100 katao) sa mahihirap na populasyon pagkatapos ng interbensiyon samantalang ang mga bata ay may malaking bahagi na 55.7% (o 4 100 katao). Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya, ang antas ng mahihirap na populasyon at kahirapan ay nabawasan sa iba-ibang antas sa lahat ng mga etnikong grupo, ngunit ang mga antas ng kahirapan ng mga Pakistanis at mga bata ay nanatiling mataas sa 44.8% at 34.7% ayon sa pagkakasunod-sunod.
- (ii) Isang makabuluhang proporsiyon ng mahihirap na populasyon bago ang interbensiyon ay tumanggap ng CSSA (59.5%) o tumira sa PRH (63.5%). Ang mga hakbangin ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera ay labis na bumawas sa mga antas ng kahirapan ng dalawang grupo sa 46.9% at 38.4% ayon sa pagkakasunod-sunod, mas mataas pa rin kapag inihambing sa ibang mga grupo ng sambahayan.
- (iii) Ang antas ng kahirapan ng nagtatrabahong mga sambahayan ay 22.3% pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya, ay halatang mas mababa kaysa 89.3% ng mga sambahayan na hindi aktibo sa ekonomiya. Pinapatunayan nito ang pagiging epektibo ng hanapbuhay sa pagbawas ng panganib ng kahirapan.
- (iv) Sa mga sambahayan ng nagtatrabahong maralita, ang bahagi ng malaking mga pamilya na may 5 o mas maraming mga miyembro ay mas mataas sa 60.0% samantalang ang 17.7% ay tumatangap ng CSSA, na nagpapakita ng bisa ng malaking sukat ng sambahayan sa sitwasyon ng kahirapan ng mga nagtatrabahong sambahayan (at kahit sa mga nagtatrabahong sambahayan na CSSA).

ES.22 Maliban sa mga polisiya ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera, di-paulit-ulit na pagkakaloob ng pera at mga polisiyang kahit anong ibigay ay naging epektibo rin sa pagpapagaan ng sitwasyon ng kahirapan ng mga sambahayang SA na may mga bata. Yamang isang makabuluhang proporsiyon ng mga sambahayang ito ay tumitira sa PRH, pinatutunayan rin nito ang kapansin-pansing epekto ng mga polisiya na kahit anong ibigay.

ES.23 Ang dedikadong sarbay ay nakakolekta rin ng datos ukol sa paggamit ng wika at pakikisangkot ng pamayanan. Ang Ulat na ito ay naglalahad ng mga katangiang ito ng populasyon na nasa kahirapan sa mga sambahayang SA na may mga bata. Ang pangunahing mga obserbasyon ay tulad ng sumusunod:

- **Paggamit ng wika:** sila ay karaniwang nagsasalita sa wikang kinagisan sa tahanan, na kabaligtaran sa kanilang pangkalahatang paggamit ng Tsino at Ingles sa paaralan o sa trabaho. Sila sa pangkalahatan ay mas matatas sa Ingles kaysa sa Tsino, at mas mahusau sa pakikinig at pagsasalita kaysa sa pagbabasa at pagsusulat. Ang kanilang mga anak ay mas bihasa sa Ingles at Tsino kaysa mga adulto, ngunit sila ay mas mahina sa pagbabasa at pagsusulat sa wikang kinagisan kapag inihambing sa mga adulto. Habang karamihan sa mga taong nasa kahirapan ay nagpapahiwatig na hindi sila nahihirapan sa pag-aaral o sa trabaho, ang mga nahihirapan ay kalimitang itinuturo na pangunahing sagabal ang kanilang paggamit ng Tsino.
- **Pakikiisa sa pamayanan:** sila ay nakabuo ng mga social network sa mga katutubo kahit papaano, at ang mga kabataan ay may mas malawak na mga network. Ngunit, ang mas mababang antas ng pagpapatala ng mga botante sa mga SA ay nagpapakita ng kanilang mas mababang antas ng pakikiisa sa pamayanan, samantalang higit sa kalahati sa kanila ay nagpahayag ng kanilang katamtamang diwa ng pagiging bahagi ng Hong Kong, lalo na ang mga batang salinlahi. Bukod dito, isang minority sa kanila na nakaranas ng kahirapan sa paggamit ng mga serbisyo ng pamahalaan ay binanggit ang wika at komunikasyon bilang mga pangunahing sagabal. Marami ang nagpapahiwatig na ang kanilang kawalan ng kaalaman sa tiyak na mga pansuportang serbisyo, ay hindi direktang nagpapahiwatig na ang mga sagabal sa wika ay maaaring pumigil sa kanila na malaman ang tungkol sa tiyak na umiiral na mga pansuportang serbisyo.

ES.24 Ang mga miyembro ng mahihirap na mga sambahayang SA na may mga bata pagkatapos ng interbensiyon ay sa pangkalahatan may mas malaking pangangailangan ng sari-saring pansuportang mga serbisyo. Sa mga grupong ito na namumuhay sa kahirapan, makabuluhang bulang ng mga bata at adulto ay nagpapahiwatig ng kanilang pangangailangan para sa PRH at mga subsidyo ng pamahalaan. Mas mataas na proporsiyon ng mga bata sa mga sambahayang ito na nasa kahirapan ay naglagay sa mga serbisyo ng tutor at mga kurso sa wikang Tsino sa kanilang listahan ng gusto nila, habang ang mga mahihirap na adulto ay naghahangad ng mga kurso sa wikang Tsino at suporta sa pagsasanay ng karera.

Susing mga Obserbasyon

ES.25 Ang Ulat na ito ay nag-aanalisa at naghahambing muna ng demograpiko at sosyo-ekonomikong mga katangian ng pangunahing mga etnikong grupo sa Hong Kong batay sa mga pag-aaral ng 2011 Sensus ng Populasyon, pagkatapos ay nagbibigay ng nakatuon na analisis at mga pagpapanahon sa sitwasyon ng kahirapan ng mga sambahayang SA na may mga bata sa paggamit ng pag-aaral ng dedikadong sarbey. Samantala, sa paggamit ng analitikal na balangkas ng linya ng kahirapan kung ano ang akma, ang Ulat na ito ay naglalarawan sa kabuuang tanaw ng sitwasyon ng kahirapan ng mga EM, sa bagay

na ito ang mga grupong SA na may mataas na panganib ng kahirapan. Ang sumusunod na anim na susing mga obserbasyon ay maaaring magawa:

ES.26 **Obserbasyon 1: ang panganib ng kahirapan na hinaharap ng mga grupong EM ay halatang nag-iiba-iba, na ang mga SA (lalo na yaong nasa mga sambahayan na may mga bata) ang nasa mas malalang panganib:**

➤ **Lahat ng mga EM:** ang 2011 tantiya ng bilang ng mga mahihirap na sambahayan, ang sukat ng mahihirap na populasyon at ang antas ng kahirapan ng mga EM bago at pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya ay ang mga sumusunod:

- Bago ang interbensiyon ng polisiya: 11 200 sambahayan, 30 400 katao at 15.8%; at
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya: 9 800 sambahayan, 26 800 katao at 13.9%.

Ang antas ng kahirapan pagkatapos ng interbensiyon ng mga EM (13.9%) ay mas mababa kaysa antas ng kahirapan sa buong teritoryo (15.2%) pagkatapos ng interbensiyon ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera. Gayunman, ang malawak na pagkakaiba-iba ay napansin sa lahat ng mga etnikong grupo.

➤ **mga SA:** higit sa kalahati ng mga mahihirap na populasyon ng EM ay mga SA, na ang antas ng kahirapan ay mataas sa pagitan ng mga etnikong grupo. Ang 2011 tantiya ng bilang ng mga mahihirap na sambahayan, ang sukat ng mahihirap na populasyon at ang antas ng kahirapan ng mga SA ay ang mga sumusunod:

- Bago ang interbensiyon ng polisiya: 3 800 sambahayan, 16 200 katao at 26.4%; at
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya: 3 300 sambahayan, 13 900 katao at 22.6%.

Ang mga sambahayang SA na may mga bata ay may mas malaking panganib ng kahirapan.

➤ **ang mga Sambahayang SA na may mga bata:** nagtutuon sa mga sambahayang SA na may mga bata, ang bilang ng mahihirap na mga sambahayan, ang sukat ng mahihirap na populasyon at antas ng kahirapan bago at pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya noong 2014 ay ang mga sumusunod:

- Bago ang interbensiyon ng polisiya: 2 200 sambahayan, 11 600 katao at 48.1%;
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera): 1 500 sambahayan, 7 400 katao at 30.8%;
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera + hindi paulit-ulit na pagkakaloob ng pera): 1 400 sambahayan, 6 600 katao at 27.6%; at
- Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera + kahit anong ibigay): 900 sambahayan, 4 100 katao at 17.2%.

Pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya (paulit-ulit na pagkakaloob ng pera), ang mga Pakistani ay may bilang na halos 70% (5 100 katao) ng mahirap na populasyon at nasa ilalim ng antas ng kahirapan na 44.8%, ang pinakamataas sa lahat ng mga grupong SA.

ES.27 Obserbasyon 2: ang mga SA ay kalimitang bata na may malaking sukat ng sambahayan ayon sa kaanyuang demograpiko:

- **lahat ng mga EM:** noong 2011, ang mga bata ay bumubuo ng halos 30% ng populasyon ng lahat ng mga EM at SA, higit na mas mataas kaysa 16.0% ng kabuuang populasyon, habang ang mga matatanda ay kakaunti. Ang gayong kaanyuang demograpiko ay nangangahulugan ng mas malaking pangangailangan para sa pagsuporta ng mga polisiya sa edukasyon at hanapbuhay.
- **mga sambahayang SA na may mga bata:** ang karaniwang sukat ng mga sambahayang SA na may mga bata ay 4.8 katao noong 2014. Higit sa kalahati (51.9%) ng mga sambahayang ito ay malaking mga pamilya na may 5 miyembro o higit pa, habang ang katumbas na proporsiyon ng pangkalahatang mga sambahayan na may mga bata sa Hong Kong ay halos isang-lima lamang (19.1%). Sa mga sambahayang SA na may mga bata, ang mga sambahayang Pakistani ang may pinakamalaking bahagi ng malaking mga pamilya, na may higit 80% (81.8%) sa pagkakaroon ng 5 miyembro o higit pa.

ES.28 Obserbasyon 3: ang hanapbuhay ay nanatiling pinakamahasay na landas upang umalis sa kahirapan, ngunit ang mataas na antas ng pagkaumaasa ay nagpapahirap sa mga nagtatrabahong sambahayan na umalis sa kahirapan:

- **Ang hanapbuhay ay maaaring makapagbaba ng panganib ng kahirapan:** ang mga EM ay maaaring isailalim sa mas mababang panganib ng kahirapan kung higit sa kanila ang maghahanapbuhay o may mas mataas ang kasanayan na mga trabaho. Malinaw na ang paglago ng ekonomiya, paglikha ng trabaho at pagtaas-antas ng kasanayan ay susing mga pundamental sa pagpapagaan ng kahirapan sa kanyang pinagmumulan.
- **mga sambahayang SA na saklaw ng mas mataas na panganib ng kahirapan:** bagaman sa pangkalahatan ay tumitindig sa sariling sikap, ang mga sambahayang SA ay saklaw pa rin ng mas mataas na panganib ng kahirapan yamang sila ay madalas na umaasa ng suporta sa medyo kakaunting mga miyembro ng pamilya. Hinahadlangan ng mas mababang nakamit na edukasyon, ang kanilang mga nagtatrabahong miyembro ay kalimitang may mas mababa ang kasanayan na mga trabaho, na nagdudulot sa limitadong kita sa hanapbuhay at kita ng sambahayan. May mababang LFPR ngunit may mataas na proporsiyon ng mga nagtatrabahong bahagya, ang kontribusyon ng kanilang mga babae sa kita ng sambahayan ay hindi makabuluhan. Bukod pa rito, ang mas mababang LFPR na sinamahan ng mas mataas na antas ng kawalan ng hanapbuhay ay napansin sa mga Pakistani.

ES.29 **Obserbasyon 4: habang ang mga antas ng kahirapan ng mga SA ay makabuluhang naipababa dahil sa interbensiyon ng polisiya ng Pamahalaan, nananatiling mahirap para sa ilang malaking mga sambahayang SA na umalis sa kahirapan:**

- **Ang mga polisiya ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera ay sa pangkalahatan ay nakatutulong:** ang mga mahihirap na SA ay sa pangkalahatang nakinabang mula sa mga polisiya ng paulit-ulit na pagkakaloob ng pera, sa bagay na ito ang CSSA at mga benepisyo sa edukasyon, samantalang ang tiyak na mga etnikong grupo (tulad ng mga Pakistani) ay nakinabang ng higit pa mula sa paglalaan ng PRH.
- **Nagtatrabahong maralita ay karaniwan:** pagkatapos ng interbensiyon ng polisiya, ang 62.4% ng mahihirap na sambahayang SA na may mga bata ay nagtatrabahong mga sambahayan, na kumakatawan sa antas ng kahirapan na 22.3%, labis na mas mataas kaysa 12.4% para sa pangkalahatang nagtatrabahong mga sambahayan na may mga bata sa Hong Kong. Sa mga sambahayang ito, 17.7% ay tumanggap ng CSSA.

ES.30 **Obserbasyon 5: ang mga SA ay may mas mababang nakamit na edukasyon, at katatasan sa wika ay ang kanilang pangunahing sagabal sa pakikiisa sa lokal na pamayanan:**

- **Mas mababang kahusayan sa pagbabasa at pagsusulat ng Tsino:** kapwa mga bata at adultong SA ay mas mababa ang kahusayan sa pagbabasa at pagsusulat ng Tsino. Ang paggamit ng Tsino ang nagsisilbing pangunahing hamon sa kanila sa paaralan o sa trabaho.
- **Ang mga magulang na may mababang nakamit sa edukasyon:** mababang nakamit sa edukasyon at mababang kahusayan sa Tsino sa mga adultong SA ay maaaring magsilbing mga hadlang sa pag-unawa ng edukasyon ng kanilang mga anak (hal. pag-alam sa impormasyon tungkol sa lokal na edukasyon o pakikipag-usap sa mga paaralan) pati kanilang akses sa impormasyon (hal. impormasyon sa mga pansuportang serbisyo).
- **Mas mababang antas ng pagtamo ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya:** Hindi karaniwan para sa ilang mga kabataang SA na makatamo ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya. Ang kanilang pakikilahok sa pamilihan ng paggawa sa medyo maagang edad ay nangangailangan ng pansin.

ES.31 **Obserbasyon 6: ang antas ng pakikisangkot sa pamayanan at paggamit ng mga pansuportang serbisyo o pinansiyal na tulong sa mga SA ay medyo mababa, malamang dahil sa mga sagabal na pangwika:**

- **Pakikisangkot sa pamayanan:** ang mababang antas ng pagpapatala ng mga botante ay nagpapahiwatig ng kanilang limitadong pakikisangkot sa pamayanan.
- **Pansuportang mga serbisyo:** kapag tinanong sila tungkol sa kanilang paggamit ng tiyak na pansuportang mga serbisyo na nakalaan sa mga EM, maraming mga SA ay nagpahiwatig na wala silang alam sa mga gayong serbisyo. Dagdap pa rito, isinisi nila ang pangunahing

kahirapan na hinarap sa paggamit ng pampublikong mga serbisyo sa mga sagabal na pangwika.

- **Tulong pinansiyal:** ang proporsiyon ng mga nagtatrabahong mahihirap na mga SA na nakikinabang mula sa Subsidyo sa Transportasyon bilang Insentibo sa Trabaho (WITS) na Iskema ay medyo mababa. Sa mga sambahayan na nakatutugon sa hangganan ng kita, mga 6% lamang ng nagtatrabahong maralita ay nag-aaplu para sa subsidyo. Kaya, higit na promosyon ng mga polisiya at pansuportang mga serbisyo ay dapat itudla sa mga SA upang mapahusay ang pagiging epektibo ng interbensiyon ng polisiya.

Mga Implikasyon ng Polisiya

- ES.32 Naglalakip ang pamahalaan ng kahalagahan sa pagpapagaan ng kahirapan, sa bagay na ito kung paano mas mahusau na tumugon sa mga pangangailangan ng kapuspalad, kasama ang mga EM. Upang tulungan sila na makiangkop sa pamumuhay sa Hong Kong, ang Pamahalaan ay patuloy na magpapakilala ng itinuong mga hakbanging pansuporta na akma sa mga pangangailangan ng mga EM sa pamamagitan ng mga kawanihan at kagawaran.
- ES.33 **Hanapbuhay at suporta sa pagsasanay:** panganib ng kahirapan ay malapit na kaugnay ng hanapbuhay. Habang ang paglago ng ekonomiya, paglikha ng trabaho at pagtaas-antas ng kasanayan ay nakatutulong sa pagpapagaan ng kahirapan sa pinagmumulan, ang Kagawaran ng Paggawa (LD), Lupon sa Muling Pagsasanay sa Hanapbuhay at Konseho ng Pagsasanay Bokasyonal ay patuloy na magbibigay ng mga serbisyo upang suportahan ang hanapbuhay ng mga EM at mag-alok ng angkop na pagsasanay may kaugnayan sa trabaho upang padaliin ang pagpapahusay ng kanilang kasanayan at paglago ng kita.
- ES.34 **Suporta sa edukasyon:** ang edukasyon ay mahalaga sa pagpapagaan ng kahirapan sa loob at labas ng salinlahi. Dahil sa medyo batang populasyon ng EM, higit na suporta ay dapat ibigay sa bagong salinlahi ng Hong Kong para sa pagtaas-antas ng kalidad ng ating pangkalahatang lakas paggawa sa hinaharap. Ang kahusayan sa wikang Tsino ay ang susi sa pakikiisa ng mga EM sa pamayanan at pagpasok sa mga programa pagkatapos ng sekondarya. Ang EDB ay patuloy na palalakasin ang suporta sa mga mag-aaral at magulang na nagsasalita ng di-Tsino.
- ES.35 **Mga serbisyong kapakanan:** Hanggang sa kinauukulan ng mga serbisyong kapakanan, lahat ng mga naninirahan sa Hong Kong na nangangailangam, walang kinalaman ang kanilang nasyonalidad o lahi, ay lalapas sa pantay na akses sa mga serbisyong kapakanang panlipunan hangga't natutugunan nila ang pamantayan ng pagiging kuwalipikado at mga kinakailangan. Ang Kawanihan ng Paggawa at Kapakanan ay patuloy na tutulong sa mga EM sa pakikiisa sa lokal na pamayanan sa pamamagitan ng sari-saring mga serbisyo, kasama ang mga serbisyo sa kapakanan ng pamilya at bata, mga serbisyo sa mga kabataan, mga serbisyong medikal sosyal, iba't ibang mga iskema ng panlipunang seguridad, atbp., na sa ganoong paraan tumutulong sa pagpapagaan ng kanilang mga problema sa pakikiangkop at pinahuhusay ang kanilang panlipunang pakikitungo at kakayahang tumindig sa sariling paa.

- ES.36 Sa parehong sentido, ang Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan, LD at ang Tanggapan ng Panggugol ng Nagtatrabahong Pamilya ay patuloy na paiigtingin ang pagtataguyod ng mga umiiral na iskema (kasama ang Iskemang WITS) at ang paparating na Iskemang Panggugol ng mga Nagtatrabahong Pamilya na may Mababang Kita na ilulunsad sa Mayo 2016, upang mapahusay ang kaalaman at pang-unawa ng mg EM sa gayong mga iskema, na may layuning mapagsilbihang mas mahusay ang mga nangangailangan.
- ES.37 **Pakikisangkot at pakikiisa sa pamayanan:** Nagkaugat sa Hong Kong, marami sa mga EM ay ipinanganak at lumaki dito. Sila naging mga miyembri ng ating lipunan. Mahalaha na sila ay pag-isahin sa pamayanan at mamuhay at magtrabaho nang matiwasay. Ang pamahalaan ay patuloy na mag-iiwi sa pagkakaisa ng pamayanan sa mga EM at bigyan sila ng suporta habang tinutulungan sila sa paggamit ng pampublikong mga serbisyo. Publisidad na tudla ang mga EM (lalo na mga SA) ay palalakasin ng Kawanihan ng mga Usaping Panloob para sa implementasyon ng mga polisiyang pansuporta na mas epektibo at mabisa.
- ES.38 **Patuloy na pagmamanman:** ang Pamahalaan ay dapat magmanman sa kanilang sitwasyon ng kahirapan sa regular na batayan sa pamamagitan ng mga sarbey tulad ng sensus ng populasyon / sa pamamagitan ng sensus. Ang isang populasyon sa pamamagitan ng sensus ay isasagawa ng C&SD sa kalagitnaan ng 2016 na ang mga resulta ilalabas sa 2017. Ang datos ay magbibigay ng mga pagpapanahong estadistikal para sa pagmamanman ng sitwasyon ng kahirapan ng mga EM (lalo na mga SA).